# HINGGIL SA PRAKTIKA*

## Hinggil sa Relasyon ng Kaalaman at Praktika, Ng Pag-alam at Pagsasagawa

Hulyo 1937

Nang wala pa si Marx, sinuri ng materyalismo ang suliranin tungkol sa kaalaman nang hiwalay sa kalikasang panlipunan ng tao at hiwalay rin sa kanyang pag-unlad sa kasaysayan, kung kayat hindi nito maunawaan kung paanong ang kaalaman ay nababatay sa praktikang panlipunan, ang ibig sabihi'y kung paanong ang kaalaman ay nababatay sa produksyon at tunggalian ng mga uri.

Higit sa lahat, itinuturing ng mga Marxista na ang gawain ng tao sa produksyon ang siyang pinakapundamental na praktikal na gawain, ang siyang nagpapasya ng lahat ng iba pa niyang gawain. Ang kaalaman ng tao ay nababatay unang-una sa kanyang paggawa sa materyal na produksyon, at sa paraang ito unti-unti niyang nauunawaan ang mga pangyayari, ang mga katangian at ang mga batas ng kalikasan, at ang kanyang relasyon sa kalikasan; at sa pamamagitan ng kanyang pagkilos sa produksyon ay unti-unti niyang nauunawaan, sa iba't ibang antas ng pag-unawa, ang mga relasyon ng tao sa kanyang kapwa tao. Walang ganitong kaalaman ang matatamo nang hiwalay sa gawain sa produksyon. Sa isang lipunang walang uri, ang bawat tao, bilang kasapi ng lipunan, ay nakikipagtulungan sa iba pang mga kasapi, nagkakaroon ng tiyak na relasyon sa kanila sa produksyon, at lumalahok sa produksyon upang matugunan ang mga pangangailangang materyal ng tao. Sa lahat ng lipunang may uri, ang mga kasapi ng iba't ibang uri sa lipunan ay nagkakaroon din, sa iba't ibang paraan, ng mga tiyak na relasyon sa produksyon at lumalahok sa produksyon upang matugunan ang kanilang mga pangangailangang materyal. Ito ang pangunahing pinagmumulan ng pag-unlad ng kaalaman ng tao.

Ang praktikang panlipunan ng tao ay hindi lamang sa gawain sa produksyon, kundi nakikita rin sa maraming iba pang anyo -- tunggalian ng mga uri, buhay-pampulitika, gawaing siyentipiko at makasining; sa madaling sabi, bilang isang katauhang panlipunan, ang tao ay lumalahok sa lahat ng larangan ng praktikal na pamumuhay sa lipunan. Sa paraang ito nalalaman ng tao sa iba't ibang antas ng kaalaman ang iba't ibang relasyon ng tao sa kapwa tao, hindi lamang sa pamamagitan ng kanyang

materyal na pamumuhay kundi maging sa kanyang buhay na pampulitika at pangkultura (na kapwa mahigpit na kaugnay ng materyal na pamumuhay). Sa mga iba pang klaseng ito ng praktikang panlipunan, ang tunggalian ng mga uri sa lahat ng anyo nito ang higit sa lahat ay nagkakaroon ng malalim na impluwensya sa pag-unlad ng kaalaman ng tao. Sa lipunang may uri, ang bawat isa ay nabubuhay na kasapi sa isang partikular na uri, at lahat ng klase ng pag-iisip ay walang pagtatanging taglay ang tatak ng isang uri.

Naninindigan ang mga Marxista na sa lipunan ang gawain sa produksyon ay umuunlad nang yugtu-yugto mula sa mababa hanggang sa mataas na antas at, samakatwid, ang kaalaman ng tao, maging tungkol sa kalikasan o sa lipunan man, ay umuunlad din nang yugtu-yugto mula sa mas mababa hanggang sa mas mataas na antas; ang ibig sabihi'y mula sa mababaw hanggang sa malalim, mula sa isang-panig na kaalaman hanggang sa maraming-panig na kaalaman. Sa loob ng napakatagal na panahon sa kasaysayan, ang tao'y di-maiwasang nanatili sa isang-panig na kaalaman sa kasaysayan ng lipunan sapagkat, una na, laging binabaluktot ng maling pananaw ng mga mapagsamantalang uri ang kasaysayan at, isa pa, ang pananaw ng tao ay naging limitado rin ng maliitang produksyon. Noon lamang lumitaw ang proletaryado kasabay ng naglalakihang puwersa sa produksyon (malakihang industriya) nagkaroon ang tao ng komprehensibo at istorikal na pag-unawa sa pag-unlad ng lipunan at ng kakayahang ang kaalamang ito'y gawing isang siyensya, ang siyensya ng Marxismo.

Pinanindigan ng mga Marxista na tanging ang praktikang panlipunan lamang ng tao ang batayan ng katotohanan ng kanyang kaalaman tungkol sa panlabas na daigdig. Ang aktwal na nangyayari ay napatutunayan ang kaalaman ng tao kung nakakamit niya ang mga inaasahang resulta sa pagsasapraktika sa lipunan (materyal na produksyon, tunggalian ng mga uri, siyentipikong eksperimento). Kung nais magtagumpay ng isang tao sa kanyang gawain, o kung nais niyang makamit ang mga inaasahang resulta, kailangang itugma niya ang kanyang mga idea sa mga batas ng obhetibong panlabas na daigdig; at kung ang mga ito ay hindi tumutugma, mabibigo siya sa kanyang pagsasapraktika. Matapos mabigo, humahango siya rito ng mga aral, iwinawasto ang kanyang idea upang tumugma sa mga batas ng panlabas na daigdig, at sa gayo'y magagawa niyang tagumpay ang kabiguan; ito ang ibig sabihin ng "ang kabiguan ang nagbibigay-daan sa tagumpay" at "ang pagkahulog sa balon ay karagdagang dunong". Binibigyan ng pangunahing kahalagahan ng diyalektikong materyalistang teorya ng kaalaman ang praktika, pinagdidiinan nito na ang kaalaman ng sangkatauhan ay hindi kailanman maihihiwalay sa praktika at itinatakwil ang lahat ng maling teorya na nagtatatwa sa kahalagahan ng praktika o naghihiwalay ng

kaalaman sa praktika. Kayat sinabi ni Lenin: "Higit na mataas ang praktika sa kaalaman (sa teorya) hindi lamang dahil sa taglay nito ang dignidad ng pagka-unibersal kundi taglay din nito ang mga kagyat na aktwalidad."(1) Ang Marxistang pilosopiya ng diyalektikong materyalismo ay may dalawang namumukod na katangian. Ang isa ay ang makauring katangian nito; hayagang sinasabi nito na ang diyalektikong materyalismo ay naglilingkod sa proletaryado. Ang isa pa ay ang pagiging praktikal nito: idinidiin nito ang pagsalalay ng teorya sa praktika, idinidiin na ang teorya ay nababatay sa praktika at ginagamit naman sa praktika. Ang katotohanan ng anumang kaalaman o teorya ay hindi itinatakda ng suhetibong damdamin kundi ng mga obhetibong resulta sa praktikang panlipunan. Ang praktikang panlipunan lamang ang maaaring maging batayan ng katotohanan. Ang pananaw sa praktika ang siyang pangunahin at saligang pananaw sa diyalektikong materyalistang teorya ng kaalaman.(2)

Subalit paano nagmumula at ginagamit ang kaalaman ng tao sa praktika? Magiging malinaw ito kung titingnan natin ang proseso ng pag-unlad ng kaalaman.

Sa pagsasapraktika, ang unang nakikita ng tao ay ang litaw na bahagi ng mga pangyayari, ang mga hiwa-hiwalay na aspeto, ang panlabas na relasyon ng mga bagay. Halimbawa, may mga taong mula sa ibang lugar na nagtungo sa Yenan upang magmasid. Sa una o pangalawang araw, nakikita nila ang kapaligiran nito, ang mga lansangan at mga bahay; marami silang nakikilalang mga tao, dumadalo sila sa mga salu-salo, panggabing kasayahan at mga pulong na pangmasa, nakikinig sa iba't ibang klase ng talumpati at nagbabasa ng iba't ibang klase ng dokumento; ang lahat ng ito'y pawang mga penomena, mga hiwa-hiwalay na aspeto at mga panlabas na relasyon ng mga bagay. Ito ang tinatawag na perseptwal na yugto sa pag-alam, ang yugto ng mga nadaramang persepsyon at mga impresyon. Ang ibig sabihin ay may epekto ang mga partikular na bagay na ito sa Yenan sa mga organong pandamdam ng mga kasapi ng pangkat na nagmamasid, pumupukaw sa pandamdam nila at nagbibigay ng maraming impresyon sa kanilang utak kasama ng isang malabu-labong anyo ng panlabas na relasyon ng mga impresyong ito; ito ang unang yugto sa pag-alam. Sa yugtong ito, ang tao'y hindi pa nakabubuo ng mga konsepto na higit na malalim, o makagagawa ng mga lohikal na kongklusyon.

Habang nagpapatuloy ang pagsasapraktika sa lipunan, ang mga bagay na pinagmumulan ng mga persepsyon at impresyon ng tao sa pagsasapraktika niya ay maraming beses na nauulit; pagkatapos, isang biglang pagbabago (igpaw) ang nagaganap sa utak sa proseso ng pag-alam at nabubuo ang mga

konsepto.  Ang mga konsepto ay hindi na lamang mga litaw na pangyayari, mga hiwa-hiwalay na aspeto at mga panlabas na relasyon ng mga bagay; nasasapol nito ang esensya, ang kabuuan at ang panloob na relasyon ng mga bagay.  Ang pagkakaiba ng konsepto at nadarama ay hindi lamang sa kantidad kundi gayundin sa kalidad.  Sa pagpapatuloy pa nito, sa pamamagitan ng pagbubuo ng husga at paghihinuha, ang isang tao ay nakagagawa ng mga lohikal na kongklusyon.  Ang kasabihan sa San Ko Yen Yi(3) na "ikunot ang noo at isang istratehiya ang maiisip", o sa karaniwang sabi'y "hayaan mong pag-isipan ko muna", ay tumutukoy sa paggamit ng tao sa mga konseptong nasa utak upang magbuo ng mga husga o makahinuha.  Ito ang ikalawang yugto ng pag-alam.  Kapag ang mga kasapi ng nagmamasid na pangkat ay nakapag-ipon na ng iba't ibang datos at isa pa'y kung "napag-isipan nang mabuti ang mga ito", maipalalagay na nilang "ang patakaran ng Partido Komunista tungkol sa Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon ay puspusan, tapat at tunay".  Kapag nakabuo ng ganoong husga at kung tunay rin silang nagnanais na mailigtas ang bansa, maaari silang gumawa pa ng isang hakbang at humango ng ganitong kongklusyon, "Ang Pambansang Nagkakaisang Prente Laban sa Hapon ay magtatagumpay."  Ang yugtong ito ng ng pagbubuo ng konsepto, pagbubuo ng husga at paghihinuha ang higit na mahalagang yugto sa buong proseso ng pag-alam sa isang bagay; ito ang yugto ng kaalamang rasyonal.  Ang tunay na tungkulin ng pag-alam ay gamitin ang persepsyon upang humantong sa kaisipan, upang hakbang-hakbang maunawaan ang mga panloob na kontradiksyon ng mga obhetibong bagay, ang kanilang mga batas at ang ugnayang panloob ng isang proseso sa isa pang proseso, alalaong baga'y upang humantong sa kaalamang lohikal.  Bilang pag-ulit, ang kaalamang lohikal ay naiiba sa kaalamang perseptwal sapagkat ang kaalamang perseptwal ay nauukol sa magkakahiwalay na mga aspeto, sa litaw na pangyayari at sa mga panlabas ng relasyon ng mga bagay, samantalang ang kaalamang lohikal ay isang malaking pagsulong upang masapol ang kabuuan, ang esensya at ang panloob na relasyon ng mga bagay at nagsisiwalat ng mga panloob na kontradiksyon sa pumapaligid na daigdig.  Kaya't nasasapol ng kaalamang lohikal ang pag-unlad ng pumapaligid na daigdig sa kabuuan nito, sa panloob na relasyon ng lahat ng aspeto nito.

Ang diyalektikong materyalistang teorya ng proseso ng pag-unlad ng kaalaman, na batay sa praktika at nagsisimula sa mababaw tungo sa higit na malalim, ay hindi pa naipaliliwanag ninuman bago lumitaw ang Marxismo.  Sa kauna-unahang pagkakataon ay tumpak na nilutas ng materyalismong Marxista ang suliraning ito, binigyang-diin kapwa sa materyalista at diyalektikong paraan ang paglalim ng kaalaman, na dinaraanan ng isang tao sa lipunan sa kanyang pagsulong mula sa

kaalamang perseptwal tungo sa kaalamang lohikal, sa kanyang kumplikado at paulit-ulit na praktika sa produksyon at tunggalian ng mga uri. Ayon kay Lenin, "Ang abstraksyon ng materya, ng isang batas ng kalikasan, ang abstraksyon ng halaga, atbp., sa maikling salita, lahat ng siyentipikong (wasto, seryoso, di-baligho) abstraksyon ay higit na malalim, tunay at ganap na sumasalamin sa kalikasan."(4) Isinasaad ng Marxismo-Leninismo na alinman sa dalawang yugto sa proseso ng pag-alam ay may kani-kanyang katangian; ang kaalaman ay makikitang perseptwal lamang sa mas mababang yugto at lohikal naman sa mataas na yugto, ngunit ang dalawa'y kapwa mga yugto sa iisang proseso ng pag-alam. Ang perseptwal at rasyonal ay nagkakaiba sa kalidad ngunit hindi hiwalay sa isa't isa; sila ay napag-uugnay batay sa praktika. Pinatutunayan ng ating pagsasapraktika na yaong nadarama ay hindi kaagad-agad mauunawaan, at yaon lamang nauunawaan ang higit na malalim na nadarama. Nilulutas lamang ng persepsyon ang suliranin ng mga pangyayari; tanging ang teorya lamang ang nakalulutas ng suliranin tungkol sa esensya. Ang paglutas sa dalawang suliraning ito ay hinding-hindi maihihiwalay sa praktika. Kung nais malaman ninuman ang isang bagay, walang ibang paraan maliban sa pakikipag-ugnayan dito, ang ibig sabihi'y sa pamamagitan ng pamumuhay (pagsasapraktika) sa kapaligiran nito. Sa lipunang pyudal, imposibleng mabatid antemano ang mga batas ng lipunang kapitalista sapagkat ang kapitalismo ay hindi pa lumilitaw, wala pa ang katugong pagsasapraktika nito. Tanging isang lipunang kapitalista lamang ang makapagluluwal sa Marxismo. Sa panahon ng kapitalismong laissez-faire, hindi pa muna kongkretong mauunawaan ni Marx ang ilang mga batas na tanging sa panahon lamang ng imperyalismo matatagpuan; ito'y dahilan sa ang imperyalismo, ang huling yugto ng kapitalismo, ay hindi pa noon lumilitaw at wala pa ang katugong pagsasapraktika; sina Lenin at Stalin lamang ang maaaring gumawa nito. Bukod sa kanilang henyo, ang pangunahing dahilan kung bakit nabalangkas nina Marx, Engels, Lenin at Stalin ang kanilang mga teorya ay sapagkat sila mismo ay lumahok sa praktika ng tunggalian ng mga uri at siyentipikong eksperimentasyon sa panahon nila; kung walang ganitong kalagayan, sinumang henyo ay hindi magtatagumpay. Ang kasabihang "batid ng isang iskolar ang lahat ng nangyayari sa daigdig kahit hindi siya lumabas ng kanyang silid" ay isang kahungkagan noong mga nagdaang panahong hindi pa maunlad ang teknolohiya. Kahit na maaari pang maging totoo ang kasabihang ito sa kasalukuyang panahong maunlad na ang teknolohiya, saan mang dako sa daigdig, ang mga taong may tunay na personal na kaalaman ay yaong kalahok sa pagsasapraktika. At pagkatapos "malaman" ng mga taong ito sa pamamagitan ng kanilang pagsasapraktika at kapag naipabatid na sa kanya ang kanilang kaalaman sa pamamagitan ng mga kasulatan at paraang teknikal, ay saka lamang mababatid nang di-tuwiran ng isang iskolar ang

"lahat ng pangyayari sa daigdig". Kung ibig mong malaman nang tuwiran ang isang bagay o isang uri ng mga bagay, kailangan mong personal na lumahok sa praktikal na pakikibaka upang baguhin ang daigdig, upang mapalitan ang mga bagay na yaon o uring yaon ng mga bagay; sapagkat sa gayong pamamaraan lamang makakatagpo ang mga ito bilang mga penomena; sa pamamagitan lamang ng mga personal na paglahok sa praktikal na pakikibaka upang baguhin ang daigdig maaaring matuklasan ang esensya ng bagay o uring ng mga bagay na iyon at mauunawaan ang mga iyon. Ito ang landas tungo sa kaalaman na siyang talagang tinatahak ng bawat tao, bagamat ipinagpipilitan ng ilang mga tao, sa sadyang pagbaluktot sa mga bagay, ang kabaligtaran nito. Ang pinakakatawa-tawang tao sa daigdig ay iyong "alam-lahat" na nakapulot lamang ng mga sabi-sabi ay nagpapahayag nang siya ang "Numero Unong awtoridad sa daigdig"; ito'y pagpapakita lamang na hindi tumpak ang pagkakilala niya sa sarili. Ang kaalaman ay isang siyensya at hindi nito mapapayagan ang anumang klase ng kawalang-katapatan at kapalaluan. Ang tunay na kailangan ay iyon mismong kabaligtaran nito -- katapatan at pagpapakumbaba. Kung nais mong magkaroon ng kaalaman, dapat kang lumahok sa pagsasapraktika upang baguhin ang daigdig. Kung nais mong malaman ang lasa ng isang peras, dapat mong baguhin ang peras sa pamamagitan ng pagkain dito. Kung nais mong malaman ang balangkas at katangian ng atomo, dapat kang magsagawa ng eksperimentong pisikal at kimikal upang baguhin ang kalagayan ng atomo. Kung nais mong malaman ang teorya at paraan ng rebolusyon, dapat kang lumahok sa rebolusyon. Ang lahat ng tunay na kaalaman ay nagmumula sa tuwirang karanasan. Ngunit walang sinumang maaaring magkaroon ng tuwirang karanasan ng lahat ng bagay; sa katunayan, karamihan sa ating mga nalalaman ay nagbubuhat sa di-tuwirang karanasan, halimbawa'y lahat ng kaalaman tungkol sa mga nakaraang panahon at sa ibang bayan. Para sa ating mga ninuno at sa mga dayuhan, ang ganitong kaalaman ay mga tuwirang karanasan, at ang kaalamang ito ay makatotohanan kung sa tuwirang pagkakaranas nila ay natugunan ang mga pangangailangan ng "siyentipikong abstraksyon" na binabanggit ni Lenin at nasalamin sa paraang siyentipiko ang obhetibong katotohanan; kung hindi, ito ay hindi makatotohanan. Kayat ang kaalaman ng isang tao ay binubuo lamang ng dalawang bahagi: yaong nagmumula sa tuwirang karanasan at yaong nagmumula sa di-tuwirang karanasan. Isa pa ang di-tuwirang karanasan ko ay maaari namang tuwirang karanasan ng iba. Bunga nito, anumang klase ng kaalaman sa kabuuan ay hindi maihihiwalay sa tuwirang karanasan. Lahat ng kaalaman ay nagmumula sa pagdama sa obhetibong panlabas na daigdig sa pamamagitan ng pisikal na organong pandamdam ng tao. Sinumang magtatwa sa ganitong pagdama, magtatwa sa tuwirang karanasan, o magtatwa sa personal na pakikilahok sa praktika na bumabago sa daigdig, ay hindi isang materyalista. Iyan ang dahilan kung bakit katawa-tawa

iyong mga taong "alam-lahat". May isang lumang kasabihang Tsino, "Paano ka makakahuli ng maliit na tigre kung hindi ka papasok sa lungga ng tigre?" Ito'y totoo sa praktika ng tao at maging sa teorya ng kaalaman. Walang kaalamang hiwalay sa praktika.

Upang maging malinaw ang diyalektikong materyalistang pag-unlad ng pag-alam na nagmumula sa pagsasapraktikang bumabago sa daigdig -- upang maging malinaw ang unti-unting lumalalim na pag-unlad ng pag-alam -- narito ang ilang mga karagdagang kongkretong halimbawa.

Ang kaalaman ng proleteryado sa lipunang kapitalista ay nasa yugtong perseptwal na pag-alam pa lamang sa unang yugto ng kanyang pagsasapraktika, ang yugto ng pangwawasak sa mga makina at ispontanyong pakikibaka; nababatid nito ang ilan lamang sa mga aspeto at panlabas na relasyon ng penomenon ng kapitalismo. Ang proletaryado noon ay isa pang "uri sa ganang sarili". Ngunit pagsapit nito sa ikalawang yugto ng pagsasapraktika, ang yugto ng mulat at organisadong pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika, nauunawaan na ng proletaryado ang esensya ng lipunang kapitalista, ang mga relasyon ng pagsasamantala sa hanay ng mga uri sa lipunan at ang sarili nitong tungkulin sa kasaysayan; at nagawa nito ang gayon dahil sa sarili nitong pagsasapraktika at dahil sa mga karanasan nito ng matagal na pakikibaka, mga iba't ibang karanasang nilagom nina Marx at Engels sa paraang siyentipiko upang likhain ang teorya ng Marxismo para maturuan ang proletaryado. Saka pa lamang naging isang "uri para sa sarili" ang proletaryado.

Ganito rin ang pagkakaalam ng mga mamamayang Tsino tungkol sa imperyalismo. Ang unang yugto ay yugto ng mababaw, kaalamang perseptwal, gaya ng ipinakita ng walang-pinipiling pakikibaka laban sa dayuhan ng Kilusan ng Kahariang Paraiso ng Taiping,(5) ng Kilusang Yi Ho Tuan,(6) at marami pa. Sa ikalawang yugto lamang naabot ng mga mamamayang Tsino ang yugto ng kaalamang rasyonal, nakita ang panloob at panlabas na mga kontradiksyon ng imperyalismo at nakita ang esensyal na katotohanang nakipag-alyado ang imperyalismo sa uring komprador at pyudal ng Tsina upang apihin at pagsamantalahan ang malawak na masa ng sambayanang Tsino. Ang kaalamang ito ay nagsimula noong panahon ng Kilusang Mayo 4 ng 1919.(7)

Atin ngayong talakayin ang digmaan. Kung kulang sa karanasan iyong mga namumuno sa digmaan, sa panimulang yugto ay hindi nila mauunawaan ang malalim na mga batas tungkol sa pamumuno sa isang partikular na

digmaan (gaya ng ating Rebolusyonaryong Digmaang Agraryo(8) nitong nakaraang sampung taon). Sa simula, makararanas lamang sila ng maraming pakikipaglaban at isa pa'y makararanas ng maraming pagkatalo. Ngunit ang karanasang ito (ang karanasan sa mga labanang pinagwagian at lalo na sa mga labanang kinatalunan) ay tumutulong sa kanila upang maunawaan ang ubod ng buong digmaan, o ang mga batas ng partikular na digmaang yaon, upang maunawaan ang istratehiya at taktika nito nang sa gayo'y mapamunuan nang may buong pagtitiwala ang digmaan. Kung sa oras na iyon ay inilipat ang pamumuno sa isang taong walang karanasan, siya man ay makararanas din ng maraming pagkabigo (makakukuha ng karanasan) bago niya maunawaan ang mga tunay na batas ng digmaan.

"Hindi ko tiyak kung magagawa ko ito." Madalas nating marinig ang ganitong salita kapag ang isang kasama ay nag-aatubiling tumanggap ng isang gawain. Bakit hindi siya nakasisiguro sa kanyang sarili? Dahilan sa wala siyang sistematikong pagkakaunawa ng nilalaman at mga pangyayaring nauukol sa gawaing iyon o maaaring dahilan sa kakaunti o wala siyang karanasan sa gawaing iyon, kayat hindi niya masapol ang mga batas na nauukol dito. Pagkaraan ng isang detalyadong pagsusuri ng kalikasan at mga bagay-bagay tungkol sa itinakdang gawain, higit siyang magtitiwala sa sarili at gagawin niya ito nang maluwag sa kalooban. Kung matagal-tagal din niyang gagawin ito at makakuha rito ng karanasan at kung siya'y isang taong handang tumingin sa mga bagay-bagay nang may bukas na isip at hindi isang taong kung tumingin sa mga suliranin ay suhetibo, sa isang panig lamang at mababaw, makahahango siya ng mga kongklusyon tungkol sa paraan ng pagsasagawa at magagawa niya ito nang may higit na lakas ng loob. Iyon lamang mga suhetibo, isang panig lamang ang tinitingnan at mababaw ang pagharap sa suliranin ang mayabang na magpapalabas ng mga kautusan at direktiba pagsulpot nila sa larangan ng gawain, nang hindi tinitingnan ang mga bagay sa kabuuan (ang kanilang kasaysayan at ang kanilang kasalukuyang kalagayan sa kabuuan) at nang hindi inaalam ang esensya ng mga bagay (ang kanilang kalikasan at ang mga panloob na kaugnayan ng isang bagay sa isa pang bagay). Tiyak na matitisod at madarapa ang ganitong mga tao.

Kayat makikita na ang unang hakbang sa proseso ng pag-alam ay ang pakikipag-ugnayan sa mga bagay sa panlabas na daigdig; ito'y nasa yugto ng persepsyon. Ang pangalawang hakbang ay ang paglalagom ng mga datos ng persepsyon sa pamamagitan ng pag-aayos at muling pagbubuo sa mga ito; ito'y nasa yugto ng pagbubuo ng mga konsepto, pagbubuo ng husga at paghihinuha. Kapag mayaman na ang mga datos sa persepsyon (hindi kalat-kalat) at ang mga ito'y katugma sa katotohanan (at hindi bungang-isip lamang) ay saka pa lamang ito maaaring maging batayan sa

pagbubuo ng mga wastong konsepto at teorya.

Dito'y dalawang mahahalagang punto ang dapat bigyang-diin. Ang una, na nasabi na ngunit kailangan pa ring ulitin ay ito: ang kaalamang rasyonal ay nababatay sa kaalamang perseptwal. Idealista ang sinumang nag-aakala na ang kaalamang rasyonal ay hindi na dapat manggaling sa kaalamang perseptwal. Sa kasaysayan ng pilosopiya, naririyan ang kaisipang "rasyonalista" na tumatanggap lamang sa katotohanan ng katwiran at hindi ng karanasan, sa paniniwalang tanging ang katwiran lamang ang mapagkakatiwalaan at hindi ang perseptwal na karanasan; nagkakamali ang kaisipang ito sapagkat binabaligtad nito ang mga bagay. Ang rasyonal ay mapagkakatiwalaan dahilan lamang sa ito'y nanggagaling sa mga persepsyong pandama, kung hindi ganito ay para itong tubig na walang pinanggalingan, isang punong walang ugat, suhetibo, sa sarili nagmumula at di-mapagkakatiwalaan. Tungkol naman sa pagkakasunud-sunod sa proseso ng pag-alam, nauuna ang karanasang perseptwal; binibigyang-diin natin ang kahalagahan ng praktikang panlipunan sa proseso ng pag-alam dahil nga sa ang praktika panlipunan lamang ang maaaring pagsimulan ng kaalaman ng tao at tanging ito lamang ang mapagsisimulan ng tao upang magkaroon ng mga karanasang perseptwal mula sa obhetibong daigdig. Sa taong nagpipikit ng mata, nagsasara ng tainga at lubusang humihiwalay sa obhetibong daigdig, hindi kailanman maaaring magkaroon ng ganitong kaalaman. Ang kaalaman ay nagsisimula sa karanasan -- ito ang materyalismo ng teorya ng kaalaman.

Ang ikalawang punto ay ito: kinakailangang palalimin ang kaalaman, ang perseptwal ng yugto ng kaalaman ay kailangang paunlarin pa hanggang sa yugtong rasyonal -- ito ang diyalektika ng teorya ng kaalaman.(9) Ang pag-aakala na ang kaalaman ay maaaring huminto na sa mas mababang perseptwal na yugto at tanging perseptwal na kaalaman lamang ang mapagkakatiwalaan samantalang ang kaalamang rasyonal ay hindi -- ang pag-aakalang ito ay pag-ulit ng pangkasaysayang kamalian ng empirisismo. Ang teoryang ito ay mali sapagkat hindi nito maunawaan na bagamat ang mga datos ng persepsyon ay kasasalaminan ng ilang katotohanan sa obhetibong daigdig, (hindi ko tinutukoy rito ang idealistang empirisismo na ang tanging karanasang itinuturing ay iyong tinatawag na introspeksyon), ang mga datos na ito ay nagpapakita lamang ng iisang panig at mababaw, hindi ganap na nagpapakita ng mga bagay at hindi nagpapakita ng esensya ng mga ito. Upang ganap na maipakita ang isang bagay sa kabuuan nito, maipakita ang esensya nito, maipakita ang mga likas na batas nito, kinakailangang sa pamamagitan ng pag-iisip ay muling buuin ang mayamang datos na persepsyong pandamdam, itapon ang latak at piliin ang mahalaga, alisin ang mali at kunin ang tama,

magsimula sa isa tungo sa isa pa, mula sa labas tungo sa loob, upang makabuo ng isang sistema ng mga konsepto at teorya -- kinakailangang umigpaw mula sa perseptwal tungo sa rasyonal na kaalaman. Ang gayong muling-binuong kaalaman ay hindi na hungkag o higit na di-mapagkakatiwalaan; bagkus, anumang bagay na muling binuo sa siyentipikong proseso ng pag-alam, batay sa praktika, ay nagpapakita ng katotohanan sa paraang ayon kay Lenin ay higit na malalim, higit na tunay at higit na puspusan. Salungat dito, ang mga bulgar na "taong praktikal" ay kumikilala sa karanasan datapwat humahamak sa teorya, kayat sila'y hindi maaaring magkaroon ng isang masaklaw na pananaw sa isang buong prosesong obhetibo, walang malinaw na direksyon at malawak na perspektiba, at nasisiyahan na lamang sa manaka-nakang tagumpay at mga sulyap sa katotohanan. Kapag ganitong mga tao ang namuno sa rebolusyon, ililigaw lamang nila ito.

Ang kaalamang rasyonal ay nababatay sa kaalamang perseptwal at ang kaalamang perseptwal ay kailangan pang paunlarin upang maging kaalamang rasyonal -- ito ang diyalektikong materyalistang teorya ng kaalaman. Sa pilosopiya, alinman sa "rasyonalismo" o "empirisismo" ay hindi nakauunawa sa pangkasaysayan o diyalektikong kalikasan ng kaalaman, at bagamat bawat isa sa kaisipang ito ay nagtataglay ng isang aspeto ng katotohanan (ang tinutukoy ko rito ay ang materyalista, hindi ang idealistang klase ng rasyonalismo at empirisismo), kapwa ito mali sa kabuuang teorya ng kaalaman. Ang diyalektikong materyalistang pag-unlad ng kaalaman mula sa perseptwal tungo sa rasyonal ay totoo sa isang maliit na proseso ng pag-alam (halimbawa'y pag-alam sa isang bagay o tungkulin) at totoo maging sa isang malaking proseso ng pag-alam (halimbawa'y pag-alam sa isang buong lipunan o isang rebolusyon).

Ngunit ang pag-unlad ng kaalaman ay hindi nagwawakas dito. Kung hihinto na lamang ang diyalektikong materyalistang pag-unlad ng kaalaman sa kaalamang rasyonal, kalahati lamang ng suliranin ang malulutas. At sa pilosopiyang Marxista, iyon ang bahaging hindi gaanong mahalaga. Isinasaad ng pilosopiyang Marxista na ang pinakamahalagang suliranin ay hindi ang pag-unawa sa mga batas ng obhetibong daigdig nang sa gayo'y maipaliwanag ito, kundi ang aktibong paggamit ng mga batas na ito upang baguhin ang daigdig. Sa Marxistang pananaw, mahalaga ang teorya, at ang kahalagahan nito ay ganap na naipahayag ni Lenin: "Kung walang rebolusyonaryong teorya, hindi maaaring magkaroon ng rebolusyonaryong kilusan."(10) Ngunit binigyang-diin ng Marxismo ang kahalagahan ng teorya sa tanging dahilang ito ay makapapatnubay sa pagkilos. Kung tayo'y may wastong teorya ngunit ingangawa lamang ito, isasaisantabi at hindi isasapraktika, ang teoryang ito gaano man kahusay ay walang

katuturan. Ang kaalama'y nagsisimula sa praktika at ang kaalaman sa teorya na nakukuha sa praktika ay kailangang bumalik sa praktika. Ang aktibong gamit ng kaalaman ay naipakikita hindi lamang sa aktibong pag-igpaw mula sa kaalamang perseptwal tungo sa kaalamang rasyonal kundi -- at ito'y higit na mahalaga -- kailangang makita ito sa pag-igpaw mula sa kaalamang rasyonal tungo sa rebolusyonaryong praktika. Ang kaalamang sumasapol sa mga batas ng daigdig ay kailangang maibalik sa praktika upang baguhin ang daigdig, kailangang maibalik sa praktika ng produksyon, sa praktika ng rebolusyonaryong tunggalian ng mga uri at rebolusyonaryong pambansang pakikibaka at sa praktika ng siyentipikong eksperimento. Ito ang proseso ng pagsubok at pagpapaunlad ng teorya, ang pagpapatuloy ng kabuuang proseso ng pag-alam. Ang suliraning kung tumutugma nga o hindi ang teorya sa obhetibong katotohanan ay hindi nalulutas at hindi maaaring ganap na malutas sa pag-unlad ng kaalaman mula sa perseptwal tungo sa rasyonal, gaya ng nabanggit sa itaas. Ang tanging paraan upang ganap na malutas ang suliraning ito ay ibalik ang kaalamang rasyonal sa praktika sa lipunan, isapraktika ang teorya at tingnan kung makakamit nito ang inaasahang resulta. Maraming teorya sa siyensyang pangkalikasan ang itinuturing na tama hindi lamang dahil sa ang mga ito'y itinuturing na gayon nang malikha ito ng mga siyentipikong pangkalikasan, kundi dahilan sa ang mga ito'y napatunayang tama sa mga sumusunod na siyentipikong praktika. Gayundin naman, ang Marxismo-Leninismo ay itinuturing na tama hindi lamang dahil sa ito'y itinuturing na tama nang ito'y likhain sa isang siyentipikong pamamaraan nina Marx, Engels, Lenin at Stalin, kundi dahil sa ito'y napatunayang tama sa mga sumusunod na praktika ng rebolusyonaryong tunggalian ng mga uri at rebolusyonaryong pambansang pakikibaka. Ang diyalektikong materyalismo ay isang unibersal na katotohanan sapagkat imposibleng maiwasan ito ninuman sa kanyang pagsasapraktika. Ipinakikita sa atin ng kasaysayan ng kaalaman ng tao na ang katotohanan ng maraming teorya ay hindi kumpleto at ang kakulangang ito ay nalulutas lamang sa pamamagitan ng pagsubok sa praktika. Maraming teorya ang mali at sa pagsubok lamang sa praktika naiwawasto ang mga kamaliang ito. Ito ang dahilan kung bakit ang praktika ang batayan ng katotohanan at kung bakit "ang katayuan ng buhay, ng praktika, ang dapat maging una at pundamental sa teorya ng kaalaman."(11) Tumpak ang pagkakasabi ni Stalin na "Ang teorya ay nawawalan ng kabuluhan kung hindi ito kaugnay ng rebolusyonaryong praktika, kung paanong nangangapa sa dilim ang praktika kung ang landas nito ay hindi natatanglawan ng rebolusyonaryong teorya."(12)

Pagdating natin sa yugtong ito, kumpleto na ba ang pag-unlad ng kaalaman? Ang ating sagot ay kumpleto at hindi pa rin kumpleto. Kapag

ang tao sa lipunan ay lumahok sa praktika ng pagbabago ng isang obhetibong proseso (maging pangkalikasan o panlipunan) sa isang yugto ng pag-unlad nito, bunga ng paglalarawan sa kanilang utak ng obhetibong proseso at ng pagkakakilala nila sa buhay na paggamit ng kanilang pag-iisip, maaari nilang isulong ang kanilang kaalaman mula sa perseptwal tungo sa rasyonal at lumikha ng mga idea, teorya, balak o programa na sa pangkalahatan ay tumutugma sa mga batas ng obhetibong prosesong iyon. Pagkatapos ay ginagamit nila ang mga idea, teorya, balak o programang ito sa obhetibong proseso ding iyon. At kung makakamit nila ang mga layuning inaasahan nila, kung sa proseso ding iyon ng pagsasapraktika ay maaari nilang gawin o sa kabuua'y gawing katotohanan ang mga nalikhang idea, teorya, balak o programa, masasabi natin na ang pag-unlad ng kaalaman hinggil sa partikular na prosesong ito ay kumpleto na. Sa pagbabago ng kalikasan, gawin nating halimbawa ang pagpapatupad sa isang plano sa inhenyerya, ang pagsubok sa katotohanan ng isang siyentipikong teorya, ang pagyari ng isang kasangkapan o pag-ani ng pananim; o sa pagbabago ng lipunan, gawin nating halimbawa ang tagumpay ng isang welga, tagumpay sa isang digmaan o pagsasakatuparan ng isang plano sa edukasyon. Ang lahat ng ito ay maituturing na katuparan ng mga layuning iniisip ng isang tao. Ngunit sa pangkalahatan, maging sa praktika ng pagbabago ng kalikasan o pagbabago ng lipunan man, ang mga dating idea, teorya, balak o programa ng tao ay bibihirang matupad nang walang ginagawang pagbabago. Ito'y dahilan sa ang mga taong kalahok sa pagbabago ng daigdig ay karaniwang maraming limitasyon; sila'y nalilimitahan hindi lamang ng mga umiiral kalagayan sa siyensya at teknolohiya kundi pati ng pag-unlad din ng mismong obhetibong proseso at antas ng manipestasyon ng obhetibong prosesong ito (ang mga aspeto at esensya ng obhetibong proseso ay hindi pa ganap na naipakikita). Sa ganitong kalagayan, ang mga idea, teorya, balak o programa ay karaniwang nababago nang bahagya o kung minsan pa nga'y buung-buo dahilan sa pagkakatuklas sa ilang mga di-inaasahang pangyayaring naganap habang isinasapraktika. Ito'y nangangahulugang ang mga dating idea, teorya, balak o programa ay hindi nga tumutugma sa katotohanan sa kabuuan o sa ilang bahagi nito, o kaya'y hindi wasto sa kabuuan o sa ilang bahagi nito. Sa maraming pagkakataon, maraming ulit na nabibigo bago maiwasto ang mga pagkakamali sa kaalaman at bago matamo ang pagtugma sa mga batas ng obhetibong proseso, at kung gayo'y bago maging obhetibo ang suhetibo, o sa madaling salita, bago makamit ang mga inaasahang resulta sa pagsasapraktika. Gayunman, kapag naabot na ang puntong ito sa paano't paano man, ang pag-unlad ng kaalaman ng tao hinggil sa isang obhetibong proseso sa isang yugto ng pag-unlad ay maituturing na kumpleto na.

Gayunman, kung ang pag-uusapan ay ang pag-unlad ng proseso, hindi pa nagiging kumpleto ang pag-unlad ng kaalaman ng tao. Anumang proseso, maging ito ay sa larangan ng kalikasan o lipunan, ay sumusulong at umuunlad dahil sa panloob na kontradiksyon at tunggalian nito dito, at ang kaalaman ng tao ay kailangan ding umunlad at sumulong na kasabay nito. Kung ang pag-uusapan ay ang kilusang panlipunan, ang mga tunay na rebolusyonaryong lider ay hindi lamang dapat maging mahusay sa pagwawasto ng kanilang mga idea, teorya, balak o programa kapag nakakatuklas ng mga kamalian gaya ng nabanggit na; ngunit kapag umunlad na ang isang obhetibong proseso at nagbago na tungo sa isang bagong yugto, dapat maging mahusay rin sila sa pagpapaunlad at pagbabago hindi lamang ng kanilang sariling suhetibong kaalaman kundi gayundin ng kapwa nila rebolusyonaryo kasabay ng obhetibong pag-unlad na ito, sa gayon, kailangang tiyakin nila na ang mga iminungkahing bagong rebolusyonaryong tungkulin at bagong programa sa pagkilos ay naaangkop sa mga pagbabago ng kalagayan. Sa isang rebolusyonaryong panahon, napakabilis magbago ang kalagayan; kapag ang kaalaman ng mga rebolusyonaryo ay hindi rin mabilis na magbabago ayon sa bagong kalagayan, hindi nila mapamumunuan ang rebolusyon tungo sa tagumpay.

Kadalasa'y nangyayari na nahuhuli ang pag-iisip sa mga nangyayari; ito'y dahilan sa ang pag-alam ng isang tao ay limitado ng iba't ibang kalagayan sa lipunan. Salungat tayo sa mga panatiko sa hanay ng mga rebolusyonaryo na ang pag-iisip ay hindi sumusulong kasabay ng mga nagbabagong obhetibong kalagayan at lumitaw sa kasaysayan sa anyo ng kanang oportunismo. Hindi nakikita ng mga taong ito na naisulong na ng tunggalian ng mga magkasalungat ang proseso samantalang ang kanila namang kaalaman ay tumigil na sa dating yugto. Ganito ang takbo ng pag-iisip ng lahat ng panatiko. Hiwalay ang kanilang pag-iisip sa praktikang panlipunan, at hindi nila kayang magmartsa sa unahan upang patnubayan ang karuwahe ng lipunan; bumubuntot na lamang sila, habang umaangal na masyado itong mabilis, at nagtatangkang pabagalin ito, o baligtarin ang direksyon nito.

Tutol rin tayo sa "Kaliwang" satsat. Inuunahan ng pag-iisip ng mga "maka-kaliwang" ito ang isang takdang yugto ng pag-unlad ng obhetibong proseso; inaakala ng ilan na totoo ang kanilang mga guni-guni, habang nagtatangka naman ang iba na kamtin sa kasalukuyan ang simulaing makakamit lamang sa hinaharap. Ihinihiwalay nila ang kanilang sarili sa kasalukuyang praktika ng mayorya ng mamamayan at sa mga realidad ng kasalukuyan, at nalalantad ang sarili bilang adbenturista sa kanilang mga pagkilos.

Ang idealismo at mekanikal na materyalismo, ang oportunismo at adbenturism, ay kinatatangiang lahat ng gawak sa pagitan ng suhetibo at obhetibo, ng paghihiwalay ng kaalaman sa praktika. Hindi maaari kundi matatag na bakahin ng Marxista-Leninistang teorya ng kaalaman, dahil sa ito'y kinatatangian ng siyentipikong praktikang panlipunan, ang mga maling ideolohiyang ito. Kinikilala ng mga Marxista na sa absoluto at pangkalahatang proseso ng pag-unlad ng sanlibutan, ang pag-unlad ng bawat partikular na proseso ay relatibo, at sa gayo'y, sa walang tigil na daloy ng absolutong katotohanan, ang kaalaman ng tao sa isang partikular na proseso sa anumang takdang yugto ng pag-unlad ay relatibong katotohanan lamang. Ang kabuuan ng di-mabilang na relatibong mga katotohanan ang bumubuo ng absolutong katotohanan.(13) Punung-puno ng mga kontradiksyon at tunggalian ang pag-unlad ng isang obhetibong proseso, gayundin ang pagsulong ng kaalaman ng tao. Masasalalim sa malao't madali ang lahat ng mga diyalektikong pagkilos ng obhetibong daigdig sa kaalaman ng tao. Sa praktikang panlipunan, ang proseso ng pagsibol, pag-unlad at paglaho ay walang-hanggan, gayundin ang proseso ng pagsibol, pag-unlad at paglaho sa kaalaman ng tao. Habang higit pang sumusulong ang praktika ng tao na bumabago sa obhetibong realidad batay sa tiyak na mga idea, teorya, plano o programa, lalo namang lumalalim ang kanyang kaalaman sa obhetibong realidad. Ang galaw ng pagbabago sa daigdig ng obhetibong realidad ay walang katapusan, at gayundin ang pagkilala ng tao sa katotohanan sa pamamagitan ng praktika. Hindi nasasaid ng Marxismo-Leninismo ang katotohanan, manapa'y walang tigil itong nagbubukas ng mga landas tungo sa pag-alam ng katotohanan sa proseso ng praktika. Ang ating kongklusyon ay ang kongkreto at istorikong pagkakaisa ng suhetibo at obhetibo, ng teorya at praktika, ng pag-alam at paggawa, at tutol tayo sa lahat ng maling ideolohiya, maging "Kaliwa" man o Kanan, na lumilihis sa kongkretong kasaysayan.

Sa kasalukuyang panahon ng pag-unlad ng lipunan, ang resposibilidad ng wastong pag-alam at pagbabago sa daigdig ay iniatang ng kasaysayan sa mga balikat ng proletaryado at ng kanyang partido. Ang prosesong ito, ang praktika ng pagbabago sa daigdig, na itinatakda ayon sa siyentipikong kaalaman, ay humantong na sa makasaysayang sandali sa daigdig at sa Tsina, isang dakilang panahong walang kapantay sa kasaysayan ng sangkatauhan, alalaum-baga'y ang panahon para sa lubusang pagpapawi ng karimlan sa daigdig at sa Tsina, at sa pagbabago ng daigdig upang maging isang daigdig ng liwanag gaya nang di pa umiiral sa nakaraan. Ang pakikibaka ng proletaryado at ng mga rebolusyonaryong mamamayan para sa pagbabago ng daigdig ay binubuo ng mga sumusunod na tungkuling dapat tupdin: baguhin ang obhetibong daigdig, at kasabay nito, ng kanilang sariling suhetibong daigdig -- para sa pagbabago ng

kanilang kakayahan sa pag-alam at pagbabago sa mga relasyon sa pagitan ng suhetibo at obhetibong daigdig.  Nagaganap na ang gayong pagbabago sa isang bahagi ng mundo, sa Unyong Sobyet.  Doo'y isinusulong ng mamamayan ang prosesong ito ng pagbabago.  Ang mga mamamayan ng Tsina at iba pang bahagi ng daigdig ay nagdaraan, o magdaraan, sa gayong proseso.  At ang obhetibong daigdig na babaguhin ay kinabibilangan rin ng lahat ng mga katunggali ng pagbabago, na, upang mabago, ay kinakailangang magdaan muna sa yugto ng pamumuwersa bago sila sumapit sa yugto ng kusa at mulat na pagbabago.  Ang kapanahunan ng pandaigdigang komunismo ay mararating kapag ang buong sangkatauhan ay kusang loob at mulat na bumabago sa sarili at sa daigdig.

Tuklasin ang katotohanan sa pamamagitan ng praktika, at sa pamamagitan din ng praktika subukin at paunlarin ang katotohanan. Magsimula sa kaalamang perseptwal at aktibong paunlarin ito upang maging kaalamang rasyonal; pagkatapos, magsimula sa kaalamang rasyonal at aktibong patnubayan ang rebolusyonaryong praktika upang baguhin kapwa ang suhetibo at obhetibong daigdig.  Praktika, kaalaman, praktika muli at kaalaman muli.  Ang pormulang ito'y paulit-ulit sa walang katapusang pag-ikid at sa bawat ikid ay sumusulong sa higit na mataas na antas ang nilalaman ng praktika at kaalaman.  Ito ang kabuuan ng diyalektikong materyalistang teorya ng kaalaman at ganito ang diyalektikong materyalistang teorya ng pagkakaisa ng pag-alam at pagsasagawa.

------------

MGA TALA

(1) Mula sa mga tala ni V. I. Lenin tungkol sa "Ang Idea" sa Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel, Tomo 3, Seksyon 3.  Tingnan ang "Konspektus ng Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel" (Setyembre-Disyembre 1914) Mga Tinipong akda, edisyong Ruso, Moscow, 1958, Tomo 38, p. 205.

(2) Tingnan ang Karl Marx, "Tesis tungkol kay Feuerbach" (tagsibol ng 1845), Karl Marx at Frederick Engels, Mga Piling akda, sa dalawang tomo, ed. Ingles, FLPH, Moscow, 1958, Tomo 2, p. 403; at ang V. I. Lenin, Materyalismo at Empirio-Kritisismo (huling hati ng 1903), ed. Ingles, FLPH, Moscow, 1952, pp. 136-42.

(3) Ang San Kuo Yen Yi (Mga Kuwento ng Tatlong Kaharian) ay isang

tanyag na nobelang pangkasaysayan ni Lo Kuan-chung (mga dakong 1320-1400).

(4) Mula sa tala ni Lenin tungkol sa "Suhetibong Lohika o ang Doktrina sa Pag-unawa" sa Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel, Tomo 3. Tingnan ang V. I. Lenin "Konspektus ng Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel, Mga Tinipong Akda, Tomo 38, p. 161.

(5) Ang Kilusan ng Kahariang Paraiso ng Taiping ay rebolusyonaryong digmaang pangmagsasaka noong kalahatian ng ika-19 na siglo laban sa pyudal na paghahari at pambansang pang-aapi ng Dinastiyang Ching. Noong Enero 1851, naglunsad sina Hung Hsiu-chuan, Yang Hsiu-ching at iba pang lider ng isang pag-aalsa sa nayong Chintien, sakop ng bayang Kuei-ping, lalawigang Kwangsi at iprinoklama ang pagkakatatag ng Kahariang Paraiso ng Taiping. Noong 1852, mula sa Kwangsi patungong hilaga, ang hukbo ng mga magsasaka ay sumalakay sa Hunan, Hupeh at sinakop ang mga ito. Noong 1853, dumaan ito sa Kiangsi at Anhwei at sinakop nito ang Nanking. Isang bahagi ng mga pwersa ang nagpatuloy sa hilaga at umabot sa karatig ng Tientsin. Gayunman, hindi ito nakapagtayo ng mga matatag na base sa mga lugar na sinakop nito; isa pa, matapos itatag ang kabisera sa Nanking, nakagawa ng maraming kamaliang pampulitika at pangmilitar ang namumunong grupo nito. Kaya hindi nito natagalan ang magkakasamang pagsalakay ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersa ng pamahalaang Ching at ng mga mananalakay na Ingles, Amerikano at Pranses, at sa bandang huli ay nagapi ito noong 1864.

(6) Ang Kilusang Yi Ho Tuan ay ang sandatahang pakikibakang anti-imperyalista na ngaganap sa hilagang Tsina noong 1900. Lumahok sa kilusang ito ang malawak na masa ng mga magsasaka, manggagawa ng yaring-kamay at iba pang mamamayan. Ang mga magsasaka at manggagawa ng yaring kamay ay bumuo ng mga mistikong lihim na samahan at sa pamamagitan nito'y naglunsad ng isang magiting na pakikibaka laban sa magkasanib na pwersa ng pananalakay ng walong bayang imperyalista -- ang Estados Unidos, Britanya, Hapon, Alemanya, Rusya, Pransiya, Italya at Austria. Ang kilusan ay winasak nang may di-mailarawang kabangisan matapos sakupin ng magkakasamang puwersa ng pananalakay ang Tientsin at Peking.

(7) Ang Kilusang Mayo 4 ay isang rebolusyonaryong kilusang anti-imperyalista at antipyudal na nagsimula noong Mayo 4, 1919. Sa unang hati ng taong yaon, nagpulong sa Paris ang mga nagwagi sa Unang Digmaang Pandaigdig, ang Britanya, Pransiya, Estados Unidos, Hapon, Italya at iba pang bayang imperyalista, upang paghatian ang kanilang mga

napanalunan, at nagpasya silang ipaubaya sa Hapon ang lahat ng mga pribilehiyo na dating tinatamasa ng Alemanya sa lalawigang Shantung, Tsina. Unang nagpakita ng determinadong pagtutol sa pakanang ito ang mga estudyante sa Peking na naglunsad ng mga rally at demonstrasyon noong Mayo 4. Inaresto ng pamahalaan ng mga panginoong militar sa Hilaga ang mahigit sa tatlumpung estudyante sa tangkang sikilin ang kanilang pagtutol. Bilang protesta, nagwelga ang mga estudyante sa Peking at tumugon dito ang maraming estudyante sa iba pang bahagi ng bayan. Noong Hunyo 3, sinimulan ng pamahalaan ng mga panginoong militar sa Hilaga ang maramihang pag-aresto sa mga estudyante at sa loob ng dalawang araw ay halos isanlibo ang naikulong. Lalo nitong pinapag-alab ang poot ng buong bayan. Mula Hunyo 5, nagwelga ang mga manggagawa sa Shanghai, at sa marami pang ibang lunsod, ang mga komersyante sa mga lugar na ito ay nagsara ng kanilang mga tindahan. Sa gayon, ang dati'y isa lamang makabayang kilusan na binubuo ng mga intelektuwal ay mabilis na naging isang pambansang kilusang makabayan na binuo ng proletaryado, petiburgesyang taga-lunsod at ng burgesya. At kasabay ng pagyabong ng makabayang kilusang ito, ang bagong kilusang pangkultura na nagsimula noong Mayo 4 na isang kilusan laban sa pyudalismo at para sa pagtataguyod ng siyensya at demokrasya, ay naging isang malakas at makapangyarihang kilusang pangkultura na ang pangunahing agos ay ang pagpapalaganap ng Marxismo-Leninismo.

(8) Ang Rebolusyonaryong Digmaang Agraryo ay ang rebolusyonaryong pakikitunggali ng sambayanang Tsino sa pamumuno ng Partido Komunista mula noong 1927 hanggang 1937, at pangunahing nilalaman nito ang pagtatatag at pagpapaunlad ng Pulang kapangyarihang pampulitika, ang pagpapalaganap ng rebolusyong agraryo at sandatahang paglaban sa paghahari ng reaksyong Kuomintang. Ang rebolusyonaryong digmaang ito ay kilala rin sa ngalang Ikalawang Rebolusyonaryong Sibil.

(9) Tingnan ang mga tala ni Lenin sa "Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel, Tomo 3, Seksyon 3, na dito'y sinabi niya, "Upang makaunawa, kailangang magsimulang umunawa sa pamamagitan ng partikular na karanasan, mag-aral, at tumaas mula sa empirisismo tungo sa unibersal." (V. I. Lenin, "Konspektus ng Ang Siyensya ng Lohika ni Hegel", Mga Tinipong Akda, Tomo 38, p. 197).

(10) V. I. Lenin, "Ano ang Dapat Gawin?" (taglagas ng 1901-Pebrero 1902) Mga Tinipong Akda, ed. Ingles, FLPH, Moscow, 1961, Tomo 5, p.369.

(11) V. I. Lenin, Materyalismo at Empirio-Kritisismo, ed. Ingles, FLPH, Mosku, 1952, p. 141.

(12) J. V. Stalin, "Ang mga Pundasyon ng Leninismo", (Abril-Mayo 1924), Mga Suliranin ng Leninismo, ed. Ingles, FLPH, Moscow, 1954, p. 31.

(13) Tingnan ang V. I. Lenin, Materyalismo at Empirio-Kritisismo, pp. 129-36.

------------------------

* Noo'y may ilang kasama sa ating Partido na dogmatista at sa matagal na panaho'y hindi kumilala sa karanasan ng rebolusyong Tsino, nagtatwa sa katotohanan na "ang Marxismo ay hindi isang dogma kundi isang patnubay sa pagkilos" at nanggulat sa mga tao sa pamamagitan ng mga salita at pangungusap mula sa mga akdang Marxista na wala sa konteksto.  Mayroon ding ilang kasama na empirisista at matagal din namang nasiyahan na lamang sa kanilang personal na baha-bahaging karanasan at hindi nakaunawa sa kahalagahan ng teorya sa rebolusyonaryong praktika o kaya'y nakasapol sa rebolusyon sa kabuuan, at sa halip ay kumilos na parang bulag bagamat masipag.  Ang mga maling kaisipan ng dalawang klaseng ito ng mga kasama, laluna ng mga dogmatista, ay nagbunga ng mga napakalaking pinsala sa rebolusyong Tsino noong 1931; sa kabila nito, ang mga dogmatistang nakabalatkayong Marxista ay nakapanlito pa sa napakaraming kasama.  Ang "Hinggil sa Praktika ay sinulat upang ilantad mula sa pananaw ng Marxistang teorya ng kaalaman ang mga suhetibistang kamaliang dogmatista.  Ito ay pinamagatang "Hinggil sa Praktika" sapagkat binigyang-diin nito ang paglalantad sa dogmatistang tipo ng suhetibismo na humahamak sa praktika.  Ang mga ideang nasa sanaysay na ito ay inilahad ni Kasamang Mao Tse-tung sa isang lektura sa Anti-Hapones na Kolehiyong Pangmilitar at Pampulitika sa Yenan.